Ⅴ Transportasyon

Ⅴ -1 Mga Pampablikong Sasakyan

1. Tren (JR, Pribadong railway at Subway)

Karaniwang mabibili ang tiket sa vending machine. Siguraduhing tama ang nabiling tiket para sa bababaang istasyon sa fare table/map. Kapag nagkamali sa pagbili, dalhin muna ito sa taong namamahala ng bilihan ng tiket para mapalitan.

Mayroon ding mga serbisyong ganito:

- Surutto KANSAI Card: Isang prepaid card na maaaring magamit sa pagsakay sa tren at bus ng kaanib na kompanya sa Kyoto, Osaka at Kobe.
- "ICOCA": IC prepaid card para sa JR. Magagamit din sa mga sasakyan na tumatanggap ng "PITAPA" kung nag-charge para dito.
- "PITAPA": Isang IC postpaid card na nagagamit sa mga pribadong tren, subway at bus.
- Commuting Tickets(*Teikiken)*, Token Ticket*(kaisu-ken)*:May tawad kung babayaran muna para sa commuting. 10 tiket ang *kaisuuken* at ang *Teiki-ken* ay may tagal na 1, 3, o 6 na buwang.

2. Route Bus (Rosen-bus)

Walang konduktor sa route bus. Bago sumakay ng bus, siguraduhin muna ang ruta at ang destinasyon. Nakalagay ang destinasyon ng bus sa taas ng salamin sa harap at likod. May bus na pareho lang ang pamasahe kahit hanggan saan pumunta, at may bus na depende sa layo ng sakay ang pamasahe. Ang pagbabayad ay sa oras ng pagbaba. Sa pagbabayad, ihulog lamang sa fare box. Barya lamang ang natatanggap kaya't maghanda dapat ng barya bago sumakay. May announcement sa bawat bus stop na hihintuan. Kung nais bumaba ay pindutin ang butones matapos ang announcement upang malaman ng tsuper kung may gustong bumaba.

3. Taxi

Sa pagsakay sa taxi, pumara o kawayan ang taxi na may nakasulat na pulang "空車" (kuusya) sa harapan nito. Bakante ang ibig sabihin nito. Gawin ito sa lugar na madaling hintuan. May taxi station o sakayan ng taxi sa harap ng mga istasyon ng tren o iba pang lugar subalit ito ay may sistemang pilahan. Kapag sumakay ng taxi, sabihing malinaw sa tsuper ang lugar na nais puntahan. Mas makabubuti kung may dalang memo kung saan nakasulat ang pupuntahang lugar o mapa.

Depende sa oras at layo ng biyahe ang halagang babayaran. Sa pagbabayad, alalahanin na maaaring walang baryang panukli sa 5,000 yen o isang lapad.

4. Kapag may bagay na naiwan sa loob ng tren, bus at taxi

Maaaring magtanong o tumawag sa mga sumusunod:

JR Shin-Osaka Station
☎06-6302-7335 (sa wikang-Hapon lamang) (8 am to 9 pm)
JR Osaka Station
☎ 06-6346-4406 (sa wikang-Hapon lamang)
Osaka City Subway/ Bus
☎ 06-6633-9151 (sa wikang-Hapon lamang)
Taxi (Osaka Taxi Center)
☎ 06-6933-5618 (sa wikang-Hapon lamang)